Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 19, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad – nasa lakad opisyal |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 160-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 78-T'2007/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 02-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG DUHAT NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG PITUMPU'T LIMANG LIBO, ANIMNARAAN LABING ANIM NA PISO AT LABING ISANG SENTIMOS (P75,616.11).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 78-T'2007/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 02-T'2007 ng Sang. Brgy. ng Duhat na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P75,616.11;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para sa Cash Gift ng Sangguniang Barangay ay magmumula sa Balanseng Walang pinaglalaanan (P19,816.11) at sa pondong nakalaan sa Honorarium (P55,800.00) na may kabuuang halagang P75,616.11;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Duhat ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Alden A. Sulit at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 78-T'2007/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 02-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Duhat na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P75,616.11.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

~~PINAGTIBAY:~~

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
11/27/7 Punong Bayan